

PROLOGUE

Hindi inaasahan ni Aleana na mag-e-enjoy siya sa task na paghahanap ng lost love letters ni Camelia para sa kanyang ama.

Sa bawat sulat na matagpuan ay isang pag-ibig na umuusbong. Sa first love letter ay may nabuong pag-ibig sa pagitan ng assistant niyang si Mya at sa painter na si Tristan. Sa pangalawa ay sa best friend niyang si Charm at sa inaakala nitong kidnapper na si Iver.

At ngayon ay masaya siya para kina Yara at Nathaniel. Hindi lang dahil nakatulong siyang paglapitin ang mga ito sa isa't isa, kundi dahil naging susi rin ang mga ito sa paghahanap niya sa ikatlong sulat.

“Let’s read the letter!” excited na sigaw ni Charm. Kinuha pa nito nang walang paalam ang sulat sa kanya at sinimulang basahin ang pangatlong love letter ni Camelia.

Yam,

Naaalala mo pa ba n'ung mga bata pa tayo? I've always wanted to become a florist. And I think this is the chance that I've been waiting for. Hindi ko natupad iyon nang ibang kurso ang pinakuha sa 'kin ng mga magulang ko, ngayon ko lang ito matutupad. Sa tulong ni Ramon.

Wala akong balak na tanggapin ang alok niya dahil wala naman akong hinihinging kapalit sa pagtulong ko sa kanila. Pero mismong silang mag-asawa na ang pumilit sa 'kin. In the end, tinanggap ko na rin. I'll be leaving tomorrow for Davao. Nandoon ang kakilalang florist ni Ramon na si Helen Morales. Nakausap ko na siya sa telepono, at willing siyang turuan ako sa abot ng kanyang makakaya. Sa Helen's ako maninirahan. Isa iyong kilalang farm sa Davao. Sana ay ito na ang simula ng katuparan ng mga pangarap ko... ng mga pangarap natin.

Missing you already. And I hope you're missing me too...

I'm still here. And we're still waiting.

Cam

Beautiful Love - Jean Mae Oryza

Nagkatinginan ang best friends na sina Aleana at Charm. Mukhang alam na nila kung saan nila mahahanap ang pang-apat ng sulat.

1

“O, bakit?” untag ni Lyc pagkalapit sa ate niyang si Isabel at makitang lukot ang mukha nito, pati ilong.

Kapapasok niya lang ng flower shop at dumerecho kaagad sa counter kung saan nakatambay ang kapatid na matanda sa kanya ng walong taon. Pero hindi pa man dumidikit ang pisngi niya sa pisngi nito ay umilag na ang maganda niyang ate.

“Amoy-araw ka, Lyc.” Saglit na pinadaan nito ang hintuturo sa ilong.

She smirked. “Natural! Galing akong labas. Tanghaling tapat at mainit. Alangan namang mag-amoy-buwan ako?” Walang ingat na inilapag niya ang sling bag sa counter malapit dito.

Hindi man lang binili ng ate niya ang biro niya. “Kailan ka ba magiging babae ha, Lyc?”

Exaggerated na pinalaki niya ang mga mata. “Babae naman ako, ah! Nagpa-sex change ba ’ko?”

“You know very well what I’m talking about.”

Napabuga siya ng hangin. “Ate naman, kagagaling ko lang ng farm. Sinermunan na ’ko ni Ate Rina d’un,

pati ba naman dito? Maawa naman kayo. Paghingahin n'yo naman ako kahit konti.” Ang tinutukoy niya ay ang isa pang kapatid na apat na taon ang tanda sa kanya.

Tuluyan na siyang hinarap ng panganay nila. “Paano ka namin titigilan kung hanggang ngayon ay hindi ka nagtitino?”

“Hindi matino? Hindi ba 'ko matino sa lagay na 'to?” Lumayo siya nang bahagya sa counter para makita siya ng ate niya mula ulo hanggang paa. Pero nang makitang umigkas ang kilay nito ay tumabingi ang ngiti niya. She was wearing loose camouflage pants, black tank top at black *Chuck Taylor* shoes na nagmamakaawa na sa kanyang pagpahingahin na dahil butas na sa parteng sakong. May camouflage cap pa siyang sinuot kanina na ginawa niyang pampusod sa buhok. Nang tanggalin niya iyon pagkapasok na pagkapasok ng flower shop ay nagulo ang buhok niya.

Bakit ba tinanong niya pa iyon, eh, alam niya naman ang magiging sagot nito?

“Sa tingin mo?”

Napabuga siya ng hangin. Her sisters—Isabel and Earrina—never liked her way of living. Kung ang mga ito ay babaeng-babae kung kumilos, siya naman ay

siya. Babae kung manamit ang mga ito samantalang siya ay hindi. Gaya ngayon. Kung pagtatabihin silang dalawa ng Ate Isabel niya at kung nagkataong hindi sila magkamukha, walang mag-aakalang magkapatid sila. Naka-maxi dress ang ate niya kahit nagbabantay lang naman ito ng flower shop.

“Hindi ba kayo puwedeng maging masaya para sa ’kin? Masaya na ’ko sa buhay ko. Bakit ba hindi n’yo matanggap iyon?” Nabahiran ng hinanakit ang boses niya.

Napahinga ito nang malalim. Alam niyang alam nito na seryoso na siya sa lagay na iyon. “Hindi sa hindi namin matanggap iyon, Lyc. Ang sa amin lang ni Rina, sana naman kahit kaunti, isipin mo ang pamilya at hindi ang pansariling kaligayahan mo.”

She rolled her eyes. Here they go again. Dalawang linggo na siyang kinukulit ng mga ito na pamahalaan for two months ang *Helen’s*, ang flower farm at family business nila. Pero dalawang linggo na rin siyang tumatanggi. Hindi siya sigurado kung makakaya niyang patakbuhan ng mag-isa ang farm. Ano ba ang malay niya sa pagpapatakbo ng farm? Right after she graduated, ibang landas na ang tinahak niya.

“Ate, sinabi ko na dati pa, di ba? Hindi ko alam kung kaya ko ang pinapagawa n’yo sa ’kin ni Ate

Rina. Ang layo-layo ng pagpapatakbo ng farm sa pagtuturo!”

“Hindi mo ba p’wedeng gawin ’to para kina Mamang at Papang?”

Nagpabuga ulit siya ng hangin. Kapag ganoon na ang tono ng ate niya at binabanggit ang mga magulang nila, parang ipinagmumukha na rin nitong wala siyang kuwenta at walang utang-na-loob na anak. Matagal na nilang pinaplanong magkapatid na bigyan ng European trip ang mga magulang nila bilang gift nila sa wedding anniversary ng mga ito. Pero hindi pa rin makabili ng ticket ang ate niya dahil nagtatalo pa rin sila kung sino ang mamamahala ng flower farm habang wala ang mga ito.

“Paano kung mabigo ako, aber?” Pinandilatan niya ito ng mga mata.

Mataman siya nitong pinagmasdan. “Lyc, lumaki tayo sa farm, literally. Halos tatlong dekada tayo doon! What makes you think that you’re gonna fail?”

True. Pero kung sa harap ng mga estudyante niya ay umaapaw ang self-confidence niya, lahat ng iyon ay nawawala kung pagpapatakbo ng flower farm ang pag-uusapan. Siguro ay dahil minsan niya nang na-disappoint ang mga magulang nang magdesisyon

siyang sundin ang puso niya sa halip na bigyang katuparan ang gusto ng mga itong tulungan ang pamilya sa pagpapatakbo ng family business kaya takot na siyang bigyan ulit ng disappointment ang mga magulang niya.

Pasalamat na lang siya dahil nagkaroon siya ng mabait at maunawaing mga magulang. Kahit masakit sa loob ng mga ito ang naging desisyon niya ay sinuportahan pa rin siya nang buong-buo. Tinanggap ng mga ito ang ideyang magiging empleyado si Lyc at magtuturo sa isang kilalang university sa Davao samantalang kung tutuusin ay puwede naman siyang maging amo sa sarili nilang negosyo.

Pero kahit gaano pa siya ka-successful sa pinili niyang landas, hindi pa rin mababago ang katotohanang naiiba si Lyc sa buong pamilya. Mula sa pananamit hanggang sa career, malayung-malayo siya sa dalawang kapatid.

“Hindi ko kayang mag-isa ’yun, Ate! Kung tulungan n’yo kaya ako ni Ate Rina?”

“You know very well na puno na ang work load ko. Pinaplano kong magkaroon ng *Helen’s* sa Manila. Marami na rin tayong clients doon and it’s about time na mag-expand na tayo. Mamang agreed to it at ilang buwan na lang ay magbubukas na tayo ng branch

sa Manila. Then, 'and'yan pa ang mga occasions na naka-reserve at naka-book.”

“Eh, di si Ate Rina!” hindi sumusukong sabi niya.

Pinandilatan siya nito ng mga mata. “Hindi ka ba nakakaintindi? Nagkukulong sa lungga niya ang Rina’ng iyon. What makes you think na lalabas pa iyon ng laboratory para tulungan ka? Alam mong ayaw n’un ng ginugulo kapag nasa loob.”

Nagdabog si Lyc sa kadesperaduhan. Napakamot pa siya ng ulo. Tuloy ay mas lalong gumulo ang buhok niya. “Basta, Ate, hindi ko patatakbuin ang farm ng nag-iisa! Dalawang buwan bilang presidente ng *Helen’s*! Ano ako, bale?” Pinandilatan niya ito at tumalikod.

Sinasabi na nga ba niya at iyon at iyon din ang magiging usapan nila kapag dinalaw niya ang dalawa. Pero dahil matagal niyang hindi nakikita at panay sa telepono lang nag-uusap, nagdesisyon siyang dumalaw sa farm at flower shop. Last year kasi ay bumukod na rin siya sa mga magulang gaya ng ginawa ng Ate Isabel niya. Ang Ate Rina niya ay sa farm pa rin nakatira dahil naroon ang laboratory ng *Helen’s*.

“Okay. Then we’ll hire an assistant!”

Napadilat siya ng mga mata. “Seryoso ka?”

“Mukha ba akong nagbibiro?”

“Magbabayad tayo ng ibang tao para lang pumayag akong patakbuhin ko ang farm?” di-makapaniwalang ulit ni Lyc.

“We don’t have other options. Walang ibang puwedeng magpatakbo ng farm habang wala sina Mamang kundi ikaw lang. Mabuti na ’yung may katu-katulong ka in case hindi mo kami ma-contact ni Rina kung kailangan mo ng opinion. At para sa ikakatahimik ng loob mo, ako pa rin ang magiging contact person kapag may inquiries ang mga kliyente.”

Hindi niya napigilan ang magtaas ng isang kilay. She doubt kung iyon lang ang rason ng mga kapatid niya kaya pinipilit ng mga ito ang gusto. May hinala siyang paraan na rin iyon ng dalawa para mapabalik siya sa farm, itigil ang pagtuturo at pamahalaan ang negosyo. After all, iyon ang dahilan ng pamilya kung bakit siya pinakuha ng business course.

“Ako na’ng bahala sa paghahanap ng assistant. Pagbalik mo ng farm ay handa na ang lahat.”

Mataman niyang pinagmasdan ang kapatid. Tila tinitimbang kung papayag na sa wakas sa hiling nito o hindi. Pero kapag naiisip niya naman ang

mga magulang na magkakaroon ng marangyang bakasyon pagkatapos ng mahabang pagpapakahirap na palaguin ang negosyo nila, parang gusto niya na agad na tumango.

“So?” untag nito, puno ng pag-asa ang mga mata.

Marahas siyang napabunga ng hangin. “Kelan ako babalik ng farm?”

Kung hindi lang kilala ni Lyc ang Ate Isabel niya, baka sumuntok na ito sa hangin dahil sa nakikita niyang kasiyahan sa mukha nito. “Two weeks from now. Right after their wedding anniversary celebration,” anito na malapad ang ngiti sa mga labi.

Kumibit siya ng balikat. Tamang-tama na rin ang panahong iyon para ma-turn over niya sa ibang sensei ang klase niya.

Sana lang talaga ay tama itong ginagawa ko, she silently prayed.

“Perfect!”

Kumibit lang ng balikat si Amon matapos tikman ang nilulutong ginaya sa cooking show na pinapanood niya ngayon. Kung ang chef sa show ay tuwang-tuwa sa niluto nito, siya ay parang wala man

lang naramdaman. Who cares kung masarap ang luto niya at gayang-gaya ang lasa na sinasabi ng chef? He was still bored. But then, salamat na din sa chef dahil kahit paano ay na-survive niya ang twenty minutes sa araw na iyon sa panggagaya sa luto nito.

Halos isang buwan na siyang nakakulong sa condo unit niya at walang ginagawa. Although, normal na naman na natetengga siya nang halos isang buwan sa condo niya. Minsan pa nga ay matagal-tagal pa. Pero hindi niya alam kung bakit nababagot siya nang mga panahong iyon. Kaya pati cooking show ay pinatos niya na.

Ilang araw nang boring ang takbo ng buhay ni Amon. Even his last assignment was a bit unchallenging compared to his past missions. Hindi nakapagtataakang natapos niya ang assignment bago pa sa tinakdang deadline ng huling kliyente. Kaya ngayon ay namomroblema siya kung paano makaka-survive sa boredom. His last client offered a trip to Europe bilang bonus niya sa mabilis na trabaho niya. Pero sawa na siya sa lugar na iyon kaya tinanggihan niya.

Pinatay niya na ang plasma TV na nasa loob ng kitchen area niya. Nilinis niya ang area na pinaglutan kanina at nilagay sa ref ang niluto. Kasasara lang niya

ng ref nang may mag-doorbell. Pinunasan niya lang ang kamay at pagkatapos ay pumunta na ng pintuan.

“Hi, Kuya!” bungad ni Mina, ang nag-iisa niyang kapatid. Tumingkayad ito para halikan siya sa pisngi. Pagkuwan ay itinaas nito ang isang CD na hawak nito at abot hanggang tainga ang ngiti. “Got a new CD from my favorite band! Wanna hear it?”

Nag-usap ang mga mata nila. He turned around and left the door open. Nang marinig ang pag-lock ng kapatid ay dumerecho na siya sa isang pinto na hindi kaagad makikita ng iba dahil kasing-kulay iyon ng dingding. Dinikit niya ang kanang palad sa isang parte ng dingding. After five seconds ay bumukas ang pinto. Kaagad siyang pumasok. Ramdam niya ang pagsunod ng kapatid. Madilim sa loob ng kuwarto. Pero hindi niya man lang pinagkaabalang buksan ang ilaw. Sanay na sila ni Mina sa madilim na silid na iyon kaya tuluy-tuloy lang siyang pumasok. Narinig niya ulit ang pagsara ng pinto. Binuksan agad niya ang nag-iisang malaking plasma TV sa maliit na kuwarto nang isara ng kapatid ang pinto.

Kaagad na sinalang ni Mina sa player ang CD na dala nito. Pero hindi iyon album ng paboritong banda ng kapatid gaya ng sinabi nito kanina. It contained their new assignment. Prenteng isinandal

niya ang likod sa dingding habang ang dalaga naman ay umupo sa nag-iisang upuan sa loob. Alam niyang dala-dala nito ang remote control. And then the DVD started playing.

“*Flower Paradise?*” nagtataakang basa niya sa nakikita sa TV. Ipinakita ang isang malawak na greenhouse. Sa tingin ni Amon ay hindi pa umabot sa dalawampu ang nagtatrabaho roon. “What the hell is that?”

“*Flower Paradise* started their operation more than a year ago. Sa nalaman ko, umutang pa sila ng malaking pera para lang magsimula ng flower farm and flower shop.”

Nag-isang linya ang mga kilay niya. “I don’t get it. Why do they need our service?”

Itinirik nito ang mga mata. “Just wait, okay? Patapusin mo muna kasi ako.”

Itinikom niya ang bibig at inip na ipinagpatuloy ang video. Then he saw a picture of another flower shop. This time ay hindi na iyong ang *Flower Paradise*. Limang magkakaibang flower shops ang nakita niya, pero iisa lang ang pangalang nabasa niya: *Helen’s*. Pagkatapos ay mga pictures ng isang flower farm. Nang i-pause nito iyon ay humarap siya sa kapatid.

“Flower shops?” Disgust was written all over his face.

Humarap sa kanya ang kapatid. Sumimangot ito. “P’wede ba makinig ka muna bago ka parang OA na nandidiri diyan? *Helen’s* is a well-known company in Davao and is now planning to branch out here in Metro Manila. Apparently, nate-threaten si *Flower Paradise*. They’ve heard about the *Helen’s* reputation. It’s an established farm for over three decades with three branches in Davao and two in General Santos City. They offer—”

“Oh, God! Please tell me this isn’t real!” Napasapo sa noo si Amon at pagkatapos ay isinuklay ang kamay sa hanggang leeg niyang buhok. Humantong sa batok niya iyon at minasa-masahe. Hanggang ngayon ay parang ewan pa rin kung mag-isip ang kapatid niya. Nagulat siya nang may tumamang kung ano sa noo niya. Kagagawan iyon ng kapatid. Takip ng hawak nitong ballpen ang tinapon nito.

“Here me out first, okay?” Pinandilatan siya nito. “As I was saying... nasaan na ba ’ko? Ah, may mga clients si *Flower Paradise* na lumipat kay *Helen’s* because the latter can provide bulks of flowers. Para daw hindi nawawalan ng supplies. Lately, nang magkaroon na rin ng maraming kliyente ang *Helen’s*

dito sa Metro Manila, they decided na magtayo na ng shop dito. Kaya nag-panic si *Flower Paradise*.”

“So?” Hindi ma-digest ng utak ni Amon kung bakit pati ang kompanyang may kinalaman sa mga bulaklak ay mangailangan ng serbisyo nilang magkapatid.

Ito ang tumatanggap at kumukuha ng assignments nila. Ito rin ang nakikipag-communicate with the clients through emails. Never silang nakikipag-contact sa mga nakakatrabaho through phones and face to face meetings. They needed to protect their identity. Dahil oras na mahuli sila, katakut-takot na demanda ang makukuha nilang magkapatid. Hindi legal ang trabaho nila ni Mina. Nakatago sila sa code name nilang, ‘Mata Hari’.

Sa mundo nila, kilalala sila bilang competitive intelligence professionals or corporate spies. Sa ibang bansa ay talamak iyon. Pero dito sa Pilipinas, hindi gaanong madami ang tulad nila. Kaya naman lahat ng mga kliyente nila ay nasa ibang bansa. Siyempre, kung nasaan ang trabaho, doon din siya dapat.

They started their mission right after her sister graduated from college. Mina took up BS Financial Management and System Development. Siya naman ay Criminology ang kinuha, pero naging private

investigator pagka-graduate. Dati pa lang ay mahilig na si Amon sa mga ganoong uri ng trabaho. Siya ang nagpaaral sa kapatid niya. Nakatulong din kahit paano ang pagiging half-scholar nito kaya hindi siya gaanong nahirapan.

Seventeen siya nang mamatay ang mga magulang nila sa isang sunog sa dati nilang tinitirhang squatter's area. Simula noon ay siya na ang naging tatay at nanay kay Mina. Tinapos niya lang ang high school at pagkatapos ay hindi na muna nag-college. Natrabaho siya para sa kanilang magkapatid. Nang makatanggap siya ng scholarship ay sinunggaban niya na iyon. Literal niyang masasabi na kulang ang dalawampu't apat na oras sa isang araw para sa kanya. Estudyante siya sa araw, empleyado sa gabi. Pagkatapos noon ay kailangan niya pang mag-aral para hindi siya bumagsak at mawala ang scholarship.

Halos anim na taon niya rin niyang binuno ang kolehiyo. Nang maayos na ang trabaho niya bilang private investigator, saka niya pinag-aral ang kapatid.

Siguro ay namana ng kapatid ang pagkahumaling niya sa ganoong propesyon kaya nang makatapos ito ng pag-aaral ay ito na mismo ang nag-ungkat ng business na gusto nitong simulan nila. At iyon nga, pagiging corporate spies. Siya ang bahala sa

underground activities gaya ng disguises, pangunguha ng mga classified data na kailangan ng kabilang kompanya, competitor's strategy methods, formula and other things. Pagkatapos niyang makuha iyon, saka niya ibibigay sa kapatid ang mga nakalap na impormasyon. Ito ang bahala sa paggawa ng reports na ibibigay sa kliyente. From there ay bahala na ang mga ito kung ano ang gagawin sa mga nakuha nila. Hindi na nila hawak kung gagamitin ng mga ito iyon sa masama o mabuti.

“Kuya!” reklamo nito, pumadyak pa. “Nakakainis ka naman, eh!”

“Because I know it's boring! What do they want me to do? 'Yung huling kinuhang assignment mo nga ay hindi ako nasiyahan, ito pa kayang isa na tungkol sa bulaklak?”

Ang huling trabaho nila ay sa isang electronic company sa New York. Gusto nitong malaman kung ano ang on-going project ng mahigpit nitong kaaway. The assignment only took him three weeks to accomplish.

“Bakit nagrereklamo ka diyan? Eh, ikaw'tong may sabi na ako ang bahala sa pagkuha ng assignments dahil kayang-kaya mo 'yan. 'Tapos ngayon aalma ka? It's the money that counts, Kuya. Kahit pa nabo-bore

ka. Think about that,” sagot ni Mina na nagpabalik sa alaala niya. Equal ang hatian nila sa profit na pinapa-deposit nila sa client nila sa kanilang Swiss bank account.

“Well, I’m more after the thrill. And we don’t need that much money anymore. Naghihirap na ba tayo kaya pati baguhang flower shop ay tinatanggap mo?”

Nang simulan nila ang negosyo, pera ang pangunahing layunin nila. Pangalawa na lang ang adventure and thrill. Pero ngayon, nagsawa na rin siya sa kakaisip ng tungkol sa pera. Kung tutuusin ay maaari na silang tumigil sa ginagawa dahil puwede na silang mamuhay hanggang sa tumanda sila nang hindi naghihirap. Now, thrill and excitement na ang hinahanap ni Amon sa mga bagong assignments nila.

“Duh!” His sister just rolled her eyeballs. “Of course not! Parang tulong na lang natin ’to sa *Flower Paradise*, Kuya. Puro na lang foreigners ang tinutulugan natin, eh. Economy ng US ang inaayos natin. Maano bang tumulong naman tayo sa Pilipinas at sa mga Pilipino this time, di ba? Hindi pa man nakakabawi ang *Flower Paradise* sa puhunan nila ay bigla na lang susulpot ang *Helen’s*? Come on! They’ve conquered Mindanao already, bakit kailangang pati Metro Manila ay kunin nila?”

Natawa siya sa litanya ng kapatid. “Bakit ba apektadong-apektado ka? At kelan ka pa natutong magkawanggawa at maging makabayan? Ganoon talaga ang pagnenegosyo. Natural lang na gawin ’yun ng *Helen’s*.”

“Yeah, I know but—”

“So we’re clear?” Ang ibig niyang sabihin ay tanggihan niya ang trabaho. Humalukipkip siya. “Mina?” may banta sa boses na aniya.

“I can’t.”

“You didn’t?” Sa sinabi nito ay alam niyang tumanggap na ito ng downpayment.

“Eh, Kuya, hindi naman kasi mahirap ’yung gusto nilang ipagawa sa ’tin. So tinanggap ko na! Hindi mo man lang ba naisip ’yan nang dalhin ko na ang CD? I did some research already about them! They just wanted to know confidential information on their operations, activities and other stuff that may be of use to them. Gusto lang nilang paghandaan ang pagbranch out ng *Helen’s* sa Manila.”

Napailing si Amon. “For a starting company like them, marunong na silang maglaro, huh? Paano na lang kaya kung lumaki na sila?”

“Kuya, kilala kita. Buntong-hininga mo pa lang, alam ko nang bored na bored ka na. Mag-iisang buwan ka nang walang ginagawa. And since wala pa naman tayong seryosong client, libangin mo na lang muna ang sarili mo.” Normal na sa kanila ang mabakante ng isa hanggang tatlong buwan. Iyon ang stage kung saan nagpapalamig muna sila. Iniiwasan nila ang magkasunud-sunod na trabaho at baka may makahalata sa kanila.

“Punta ka na ng Davao, ha. You should be staying at *Helen’s* flower farm for this assignment. I’ve learned they’re looking for an assistant for their acting president. Two months lang naman. Tamang-tama. It’s a new environment for you, Kuya. Malay mo, dahil sa halimuyak ng mga bulaklak ay lumambot-lambot ka nang kaunti. And who knows, maisipan mo nang mag-settle down?”

Nagsalubong ang kilay ni Amon. “Ano’ng koneksyon ng bulaklak sa mga desisyon ko?”

Nakakalokong tawa lang ang sinagot nito.

2

Nakangiwi si Lyc habang parang magnanakaw sa sobrang ingat sa pagbubukas ng doorknob. Hindi puwedeng malaman ng mga ate niya na nakarating na siya sa farm. Tiyak na umaatikabong sermon ang matatanggap niya sa mga ito. At hindi pa siya handa doon. Kasalukuyang nasa library ang mga ito at ayon kay Mang Kanor na nakasalubong niya sa bayan kanina, may nagaganap daw na meeting sa pagitan ng dalawa niyang kapatid at sa bagong assistant niya. Mukhang seryoso dahil hindi maganda ang mood ng Ate Isabel niya nang dumating ng farm. Kaya hindi maaaring sermonan siya ngayon ng dalawa; sa kanya mabubunton ang init ng ulo ng mga ito.

Maingat niyang sinara ang pinto. Naipikit niya pa ang isang mata nang magkatunog iyon nang bahagya. Pagkatapos ay nagmamadali at patingkayad na tinungo niya ang hagdanan. Akmang aakyat na siya ng hagdanan nang may mahagip siya ng tingin sa loob ng kusina—isang estranghero.

Kasalukuyan itong nagbubukas ng ref. Agad siyang nagtago sa likod ng dingding. Dahan-dahang siyang nagpadausdos para masilip ang loob ng

kusina. Mahirap nang sumilip ng nakatayo. Baka makasalubong niya pa ang mukha nito. Mariin niyang itinikom ang bibig at kamao nang makumpirma ang nakita. May intruder sa loob ng bahay nila! Umalsa ang galit sa dibdib niya.

Pero paano ito nakapasok doon? Well-guarded ang farm. Ilang beses na ring may nagtangkang magnakaw ng mga bulaklak nila at nanloob sa laboratory kaya nag-hire ang mga magulang ni Lyc ng maraming security guards na magmamanman sa paligid. At bakit sa dami ng puwede nitong puntahan sa *Helen's* ay sa kusina pa ng bahay nila pumunta? Ano ang pakay nito?

Bago pa niya masagot ang sariling tanong ay nakita niya na ang paggalaw ng mga paa ng lalaki. Tahimik na tumayo siya habang nakadikit pa rin sa dingding ang likod niya. Alam niyang anumang sandali ay lalabas mula sa pintong katabi niya ang magnanakaw. At makakatikim ito sa kanya! Inihanda ang sarili sa maaaring mangyari. Dinig niya ang dagundong ng kanyang puso pero sigurado siyang hindi iyon dahil sa takot o kaba. Dahil iyon sa galit sa taong nanloob sa pamamahay nila. Sa ilang taon niyang pag-aaral ng aikido at iilang beses na nagamit iyon, parang walang anuman sa kanya ang sitwasyon ngayon.

Mabilis ang mga sumunod na pangyayari. Hindi pa man nakakalabas ang buong katawan ng lalaki sa pinto ay hinablot niya na ang pupulsuhan nito. Mariing hinawakan niya ang siko nito at walang pagdadalawang-isip na binalibag ito sa harap niya. Dala na rin siguro ng adrenaline rush at galit kaya balewala sa kanya ang laki at tangkad ng estranghero. Gagawin niya na sana ang sunod na technique na alam niya pero, nanlaki ang mga mata niya nang hindi nito pakawalan ang kamay niyang nakahawak sa pulso nito.

Sa isang iglap ay nakahawak na rin ito sa pupulsuhan niya. Buong lakas na hinila siya nito habang nakahiga pa at sinipa siya sa tiyan para itulak at itapon. Bumagsak siya sa paanan nito at nasagi ng paa niya ang barandilya ng hagdanan. Ang sumunod ay ang pagkabasag ng vase na noon pa man ay ipinapatong na ng Mamang niya roon bilang display.

Maagap siyang bumangon para gumanti sa ginawa ng lalaki ngunit napangiwi siya nang maramdaman ang sakit ng sipa nito sa tiyan niya. Napatukod tuloy siya sa sahig nang wala sa oras at napasigaw nang maramdaman ang basag na vase na bahagyang bumaon sa palad niya.

Ang sumunod na pangyayari ay ang

nagmamadaling mga yabag ng dalawa niyang kapatid mula sa itaas ng hagdanan. Marahil ay narinig ng mga ito ang ingay.

“What’s happening here?” Ang nahihintakutang boses ng Ate Isabel niya ang narinig ni Lyc. Nasa tuktok ito ng hagdanan at nagpalipat-lipat ng tingin sa kanya at sa lalaking nakaengkwentro niya.

“God! Lyc! You’re bleeding!” Parang binabad naman sa suka ang mukha ng Ate Rina niya.

“Obvious ba?” inis niyang sabi nang mapagtantong parang walang anuman sa mga ito ang presensya ng estranghero sa tabi niya. Mas natakot pa ang dalawa nang makita ang umaagos na dugo sa kamay niya kaysa nang makita ang mukha ng katabing lalaki. Tiningnan niya ang nasugatang kamay. Nakadikit pa roon ang one-inch na bubog ng vase.

At obvious din na naging OA siya. Walang magnanakaw.

“Sinabi na ngang huwag na, eh. Hindi ba kayo makaintindi? First aid lang ang katapat nito,” pagpipilit ni Lyc sa mga kapatid. Tinititigan niya ang pag-agos ng pulang dugo sa palad niya habang tinatamaan iyon ng tubig na mula sa gripo. Nakatuon

ang atensyon niya roon kaya hindi niya namalayang nakalapit na pala sa kanya ang Ate Isabel niya at walang paalam na itinaas ang kamay niya.

“First aid? You think makakaya ng first aid ’to? It’s an open wound, Lyc! You need to go to the hospital!” Ipinakita nito sa kanya ang sugat as if hindi niya iyon tinititigan kanina pa.

“And it’s super eww,” segunda ng Ate Rina niya na nasa dining table. Nagtaka siya sa maarteng paraan ng pananalita nito. Ang lalaking nakaengkuwentro niya ay kampanteng nakasandal sa pinto ng kusina. Hanggang ngayon ay hindi niya alam kung ano ang papel nito sa bahay nila. Mas pinagtuunan kasi ng pansin ng mga ito ang sugat niya.

“I can take you there if you want,” singit ng lalaki. “Tatal ay ako naman ang may kasalanan niyan.”

Kahit hindi intensyon na magtaray ay umigkas ang isang kilay niya. He must be an important person para makasingit ito sa usapan nilang magkapatid. Kumawala ang kamay niya sa pagkakahawak ng ate niya. Ano ba ang nangyayari sa paligid? Naging maarte ang pagsasalita ng kapatid, may isang estranghero na akala mo ay parte na ng pamilya nila kung makasabad sa usapan. Isa lang yata ang hindi nagbago: pinagkakaisahan pa rin siya ng lahat.

“Ano ba kasi’ng pumasok sa isip mo at sinugod mo si Blake?” tanong ni Isabel.

“Pasensya na mga ate, ha?” sarkastikong sabi niya. “Wala naman kasing nagsabi sa ’kin na bukod kay Papang ay may lalaki na rin pala ditong nakatira. Nang huli akong dumalaw, tatlo lang ang nakatira rito: si Ate Rina, si Mamang at si Papang. Natural na proteksyunan ko ang sarili ko sa mga hindi ko kilala at nasa loob ng pamamahay natin.”

“Kung umuwi ka sana sa sinabi kong araw na dapat kang umuwi, malamang nakilala mo si Blake. Ang kaso, dalawang linggo kang hindi nagpakita. Ni tawag ko ay hindi mo sinasagot. Hindi mo ba talaga babaguhin ’yang ugali mo, Lyc?”

She rolled her eyes. May sugat na nga siya at lahat, may nakikita pa ring mali ang ate niya. Kasalanan bang unahin niya ang mga estudyante niya? Alam niyang may assistant na sa farm at alam niyang hindi iyon papabayaang mga ate niya kung ipo-postpone niya muna ang pag-uwi ng dalawang linggo.

Three weeks ago ay nakatanggap sila ng balita na lima sa mga estudyante niya ay maaari nang kumuha ng dan exam para sa first-degree blackbelt. Achievement iyon sa kanila, lalo na sa kanya dahil

pinatunayan niyang puwedeng sumunod sa yapak niya ang limang estudyante na sa edad na kinse ay naging shodan na o blackbelt holders. Puspusan ang ginawa niyang pag-train sa lima bilang paghahanda sa exam ng mga ito. At hindi nga nasayang ang paghihirap nilang lahat. Nakapasa ang lima at kahapon nga ay idinaos ang victory party nila kasama ng staff at university admin.

“Ano ba kasi’ng nangyari sa ‘yo?” Si Rina.

Binalingan niya ito. “Sagutin ko man ‘yang tanong n’yo, alam kong hindi n’yo pa rin tatanggapin. So bakit pa ‘ko magpapakahirap? Sino ba ‘yan? Boyfriend mo kaya ka nag-iinarte? Wala lang sina Mamang, pinatira mo na ‘yan dito?”

Lumabi ang kapatid.

“He’s not Rina’s boyfriend, Lyc. He’ll be your assistant.”

Napamulagat siya. “Adik ba kayo?”

So this is Lyc Morales, ani Amon sa sarili. Walang anuman na sinalubong niya ang nanghihinalang titig nito sa kanya. Nagpabalik-balik mula ulo hanggang paa ang mga mata nito sa kabuuan niya. Hindi

maikakaila ang gulat sa mukha nito at maging ang mga tinging puno ng pagdududa. Well, hindi niya ito masisisi. Kung nagkataong totoo ang trabaho niya, tiyak niyang marami rin ang magtataas ng kilay sa kanya.

Palihim niyang ineksamin ang babae. Naka-loose at kupasing maong pants ito na may butas pa sa bandang tuhod at white spaghetti strap top na pinatungan lang ng checkered polo blouse at hinayaan lang na nakabukas. Naka-half pony tail ito at may panyong nakatali at nakatakip sa bumbunan ng ulo. Kung ilulugay iyon ay tiyak niyang may light brown highlights sa gilid niyon. Tsinita ito, natural ang pagka-rosey cheeks, maninipis ang labi at matangos ang cute nitong ilong. Lahat ng iyon ay makikita sa oval shape nitong mukha.

“She looks like an angel but mind you, Kuya, that’s just her physical appearance. According to our sources, she’s a holder of fifth dan, Aikikai, a very respectable and highly praised sensei in a well-known university in Davao. She got her first dan when she was fifteen years old at sa kanilang tatlong magkapatid, siya lang ang maton kung pumorma. Some tough girl, huh?”

Nag-flashback sa isip niya ang sinabi ng kapatid nang araw na ginagawa nila ang briefing tungkol sa

mga Morales. Tandang-tanda niya pa ang nangyari sa kanila kanina ng babae. Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya makapaniwala. Mukhang tumuntong lang yata ito sa five feet hindi gaya niyang five-eleven ang height. At mukhang in-underestimate niya ang dalaga.

Habang nagmi-meeting sila nina Isabel at Rina ay nakaramdam siya ng pagtawag ng kalikasan. Nag-excuse siya sandali at pagkatapos ay dumaan na muna sa kusina para uminom ng tubig. Ang sabi ng dalawang babae, hindi alam ng mga ito kung kailan ang balik ni Lyc, kaya nagulat siya nang may humablot sa kanya pagkalabas niya ng kusina. Pero kahit nagulat ay mabilis pa rin ang reflexes niya, nakaisip agad si Amon ng counter attack. Hindi niya naman akalaing babae pala iyon dahil wala na siyang panahon para alamin pa. Sa laki niyang lalaki, hindi siya makapaniwalang nakaya siyang ibalibag ng Lyc na iyon nang walang kahirap-hirap! Huli na para bawiin ang naisip na counter attack. Malakas niyang nasipa palayo ang babae.

From Helen Morales to the youngest Morales. Sa lahat ng pinakilala sa kanya ng kapatid, kay Lyc Morales siya mas nagkaroon ng interes. Kung mamalasin siya't mabubuko ang identity niya, makakalaban niya pa ito.

Sa uri ng trabaho ni Amon, natural na sa kanya ang makaengkuwentro ng mga babaeng magaling sa martial arts. Pero hindi niya alam kung bakit parang hindi niya matanggap na maaaring dumating ang pagkakataon na sisirain niya ang mala-anghel nitong mukha. At may isa pang hindi sinabi sa kanya ang kapatid. Sexy pala ito. Napansin niya iyon kahit hindi hapit ang suot nito.

“This is Blake. He’ll be your assistant for two months,” pakilala ni Isabel sa kanya sa kapatid nito na hindi pa rin nakakabawi sa pagkabigla.

“Sigurado ba kayo sa ginagawa n’yo?” baling ng dalaga sa ate nito saka humalukipkip. Kung magsalita ito ay parang hindi babae. Straightforward ito masyado.

Umigkas ang isang kilay ni Rina at nagbanta ang mga mata.

“Di nga? Seryoso?” balewalang pangungulit ng babae.

“He’s good, Lyc. Tiniyak iyon ni Ate Isabel mismo. Marami na siyang experience in managing a farm. Graduate siya ng Agricultural Engineering and he’s from Cebu.”

“Teka, teka lang...” pigil ng bunso. Itinaas pa nito

ang isang palad. “Dahan-dahan lang at napupurolo yata ang utak ko. Akala ko ba babae ang kukunin mo?” Bumaling ito sa panganay.

“That’s what I thought. But then, Blake stood out from all the interviewees. Mas magaling siya kaysa sa mga babaeng na-interview ko.”

“And besides, I observed the way Blake handles the people and the farm. So far, he’s efficient and knows exactly what he’s doing,” singit ni Rina.

Nalukot ang ilong ng pinakabatang Morales. “Natural ’yan ang sasabihin mo, crush mo, eh!”

Pinigilan ni Amon ang nagbabantang ngiti sa labi. Hindi lingid sa pansin niya na may gusto sa kanya si Rina. Madalas na kasi itong lumalabas ng lab simula nang dumating siya hindi gaya ng nakuhang report ni Mina at ayon na rin sa ibang trabahador sa farm.

Mukhang pagdating sa pinakabatang Morales ay magkakaroon ng spice ang boring niyang buhay sa farm. Hindi na magiging routine ang ginagawa niya. Mula sa pagsu-supervise ng mga tao, pagmo-monitor sa mga pinapalabas na libu-libong bulaklak, paggawa ng reports at pagpuslit sa nagsisilbing mini-office ng pamilya sa loob ng bahay.

“You don’t have any options, Lyc. Tinanggap na

namin siya at hindi na magbabago pa iyon dahil lang sa ayaw mo sa kanya.” Si Isabel.

“Hindi sa ayaw ko sa kanya. Wala naman akong sinasabing gan’un. Nagulat lang ako sa nalaman ko! Mas alam ng babae ang tungkol sa mga bulaklak, di ba?”

“Eh, bakit ikaw? Naturingang babae, pero mas madami pa yatang alam si Blake kaysa sa ’yo,” ganti ni Rina rito.

Pinigilan niya ulit ang mapangiti nang humaba ang nguso ng martial arts expert. Para itong batang pinagalitan sa hitsura nito. “Ibang usapan naman ’yun,” bulong nito at pagkatapos ay tumingin muli sa kanya na puno pa rin ng pagtataka at pagdududa. Wala nga naman sa hitsura at katawan niya na may experience at knowledge sa flowers.

Tumikhim siya. “Hindi man ako babae, pero nasisiguro ko sa inyong alam na alam ko ang ginagawa ko. I have extensive knowledge on various kinds of flowers and how to cultivate them.”

“He’s right, Lyc. And would you believe na naging florist din siya dati?” ani Isabel.

Umigkas ang isang kilay ng ‘anghel.’ “Di nga?”

Bahagya siyang tumango bilang pagsang-ayon. Nalaglag ang panga nito. She murmured something at base sa paggalaw ng labi nito, alam niya kung ano ang sinabi nito: Bading.

Napailing na lang si Amon.

Damn you, Mina. Makakaganti din ako sa 'yo. He clenched his teeth silently. Kung hindi lang niya mahal ang kapatid, malamang nasakal na niya ito. Hanggang ngayon ay hindi niya pa rin alam kung ano ang tinatakbo ng isip nito.

Nang makuha mula sa mapagkakatiwalaan nilang hacker ang bagong identity niya ay napasigaw siya sa pagtutol. Tinawanan lang iyon ng kapatid. Naalala niya pa ang away nila nang araw na ibigay na nito sa kanya ang mga pekeng documents niya bilang Blake Salazar....

“Two years as a floral designer? Ano ako, bakla!?” Kita ang ugat ni Amon sa leeg dahil sa sigaw niya nang mabasa ang magiging profile niya.

“Kailangan 'yan, Kuya, para ma-impress sa 'yo si Isabel Morales. She's a florist herself kaya alam kong kapag nalaman niyang ganoon ka din ay tiyak na dagdag points sa 'yo!”

“Eh, pap'ano kung hingin na mag-demo ako sa

harap nila, aber?"

"You have two weeks para mag-take ng crash course, Kuya."

"I'm not gonna have that identity! Baguhin mo 'yan!" Itinapon niya ang envelope.

"Oh, come on! Alam kong kayang-kaya mo 'to. Ikaw pa? You're the best sa lahat ng bagay na sinusubukan mo. This is an easy assignment. Maning-mani na lang sa 'yong pag-aralan ang lahat ng 'to!"

"But it's like you're asking me to act like a gay, Mina. I can't do that!"

"Huwag ngang makitid ang utak mo! Sa guwapo at macho mo ba namang 'yan, panghihinalaan ka pa nila?"

Pero sa nakikita niyang pagkagulat ni Lyc, parang gusto niyang kutusan ang kapatid. Head to foot ulit siyang tiningnan ng babae. Mas inintindi pa nito ang kaisipang lalaki ang magiging assistant nito kaysa ang sarili nitong sugat.

Papunta sila ng impiyerno.

Iyon ang nararamdaman ni Lyc habang binabagtas

nila ang daan papunta sa clinic ng family doctor nila na si Tito Manuel nila. Katabi niya ang tahimik na si Blake na inutusan ng Ate Isabel niyang samahan siya. Nawalan ng saysay ang lahat ng reklamo niya nang pairalin ng kapatid ang pagiging panganay.

Kung kanina ay nababalewala niya pa ang sugat habang nag-uusap silang magkapatid, ngayon ay wala na siyang ibang maisip kundi kung gaano kasakit iyon. Napapangiwi pa siya minsan kapag dumadaan sila sa lubak-lubak na daan at hindi sinasadyang masagi ang nakabenda niyang kamay. Idagdag pa sa kalbaryo niya ang kabang nadarama, sa bawat metrong tinatahak ng sasakyan ay papalapit na papalapit siya sa kinatatakutan niya.

“I’m sorry about your hand.” Napapitlag si Lyc nang magsalita ang lalaki. Napahawak tuloy siya sa dibdib niya.

“Nagulat yata kita. Sorry,” hinging paumanhin nito ulit.

Marahan lang siyang tumango. Parang hindi niya kayang magsalita sa halu-halong nararamdaman. Gulat, kaba at sakit ng kamay.

“I’m sorry again. Had I known you’re Lyc Morales, hindi na sana ako gumanti pa. I should—”

“O-okay lang,” sa wakas ay nakuha niyang magsalita. “Kasalanan ko din ’to kung tutuusin. Reflex na lang ’yung nangyari sa ’yo kaya wala kang dapat ikabahala. Isa pa, malayo sa bituka ’to.” Itinaas niya pa nang bahagya ang kamay at bahagyang tiningnan ang mukha nito.

Kahit hindi nakaharap sa kanya ang lalaki, kitang-kita ni Lyc ang tinatagong amusement sa expression nito.

“Bilib din naman ako sa ’yo.”

Nagsalubong ang mga kilay niya. “Ano’ng kabilib-bilib sa sitwasyon ko ngayon?” Hindi ba nito nakikita na malapit na siyang mahimatay sa kinauupuan niya ngayon?

“Akala ko ba, sanay ang mga blackbelter sa balian ng buto? Bakit sa isang maliit na sugat lang ay parang namumutla ka na?”

“Eh, ano ngayon kung blackbelter ako?” singhal niyang tila nanghahamon pa. “Hindi ibig sabihin n’un ay robot kami para hindi malabasan ng dugo.”

Kung maaari lang humalukipkip ay ginawa niya na kaso ay iniintindi niya ang kamay niya. Mapangiwi na siya; may maipipintas na naman sa kanya ang lalaki. Sa lahat ng empleyadong kinuha ng ate niya,

isang akala-mo-kung-sino pa ang pinili.

“Relax, okay? I was just making a conversation here.”

“Oh, please, don’t bother. I’m not in the mood today. Kung gusto mong makipag-close, huwag ngayon at magulo ang utak, puso at dugo ko. Kung dadagdagan mo pa ay baka hindi ko na kayanin.”

“Sorry.”

Inis na napapikit si Lyc. Hindi niya alam kung bakit naririndi siya sa tuwing humihingi ito ng sorry. Dahil kaya nararamdaman niyang hindi ito sincere?

“Are you sure you’re okay? Namumutla ka na, ah.”

“Tingin mo? May okay ba na maputla?”

“Why so scared? Pupunta lang naman tayong doktor. Hindi tayo sasabak ng giyera sa Mindanao.”

“Mas gugustuhin ko pang makipagbalian ng buto sa mga *Abu Sayyaf* kaysa magpa-injection sa doktor,” naiinis na himutok niya.

Nakita niya ang pagsupil ni Blake ng ngiti. “So you’re an iatrophobic?”

Taas ang noong binalingan niya ang lalaki.

Naghahamon ulit. “Eh ano ngayon sa ’yo?”

“Iatrophobic ka nga,” he concluded.

“Hindi, ’no!” dagling tanggi niya. “Kung iatrophobic ako, eh, di sana wala ako dito sa sasakyan at nakahilata lang ngayon sa kuwarto ko!” Maubusan na siya ng dugo, pero hindi siya aamin sa lalaki na greatest fear niya ang pagpunta ng doctor o hospital. Sa tingin ni Lyc ay hindi naman siya gaanong iatrophobic. Nakakapunta pa rin roon kapag pinipilit siya at alam niyang may kasama siya. Pero nunca na pumunta siyang mag-isa!

“Ano ’yung sinabi ni Rina na huwag kang mag-alala dahil nandito naman ako para kagatin mo?” paalala nito.

Nawala saglit ang sakit na iniinda niya. Anak ng putakti talaga! Narinig nito ang sinabi ng kapatid niya! “Nagpapaniwala ka sa ate kong iyon? Gumaganti lang ’yun sa ’kin.” Pinili niyang ibaling ang tingin sa labas ng bintana upang hindi makita ng lalaki na mas lalo pang namutla ang mukha niya sa sinabi nito.

“Could be. Pero kung sakaling totoo man ’yun, payag naman akong pakagat sa ’yo. If that will make it easier for you to face the doctor.”

Taas ang kilay at marahas na bumaling siya

ulit dito. Nakangiti ito. Maging ang mga mata ay ngumingiti. “Ganyan ka ba talaga?”

Kumunot ang noo nito. “What do you mean?”

“Yang ganyan. Masyado kang ewan.” Tiningnan niya ito mula ulo hanggang paa. Kung kanina sa bahay ay ginawa niya iyon para siguruhin ang kasarian nito, ngayon ay ginagawa niya iyon para makaramdam ng kaunting pagkailang ang lalaki. The guy was so sure of himself. Parang wala man lang tinatagong insecurity sa katawan. Sigurado siyang hindi ito bading. “Ni hindi ko man lang makita na intimidated ka sa akin o nahihiya. Eh, ako ang amo sa ating dalawa!”

“Kailangan ko bang ma-intimidate sa 'yo?” Ang hitsura ng mukha ni Blake ay iyong sa isang taong walang kaide-ideya sa nangyayari sa paligid.

Doon na siya nasapul at biglang natameme. Wala siyang makapang sagot. Siya ang magmumukhang mayabang kapag sinabi niyang wala pang lalaki sa buhay niya ang hindi na-intimidate sa presensya niya.

Iba si Blake sa lahat ng lalaki. Iyon ang napatunayan niya kahit wala pang isang oras silang nagsasama.

“You know what, Miss Lyc—bakit?” Natigil ito sa

pagpapaliwanag nang makita ang pagmumukha niya.

“Wala.” May tono pa rin ng pagtataray ang boses niya. Hindi niya ikinaila ang gulat nang banggitin nito ang pangalan niya at in-address pa siya ng ‘Miss’. Ganoon ba talaga kalakas ang personality ng lalaki at maging ang pagtawag nito sa kanya ng ‘Miss’ ay may halo pa ring awtoridad? Kung magsalita ito at kumilos ay hindi niya assistant. Pero hindi naman siya nakakaramdam ng insulto sa paraan ng pagsasalita nito. In fact, naiinis siya. Dahil nangangahulugan iyon na pantay lang sila ni Blake. Wala siyang lamang dito kahit isang puntos gaya ng nakagawian niya sa halos lahat ng lalaking nakilala niya.

“Wala?” hindi naniniwalang ulit nito.

“Kahit kasi tinatawag mo ‘kong ‘Miss’, parang lumalabas na ikaw pa din ang mas nakakataas sa ‘ting dalawa. Masyadong maangas.”

He smirked. “Sorry. Ganito lang talaga ako. Nasanay na sa dating farm na pinagtatrabahuhan ko,” paliwanag nito at pagkatapos ay pinatay na ang makina ng sasakyan. “Here we are. Did I succeed in diverting your attention?”

Hindi niya inaasahan iyon. Sinadya iyon ng lalaki para lang hindi niya indahin ang sugat niya?

Kumibit ito ng balikang nang makita ang ekspresyon ng mukha niya. “Iyon lang ang naiisip kong paraan to ease your pain. Kanina pa kita nakikitang ngumingiwi, eh.”

Effective nga ang ginawa nito. Nawala sa isip niya ang kirot at kaba dahil natabunan iyon ng pagkainis sa lalaki. Nagulat pa nga si Lyc nang huminto ang kotse nito sa harap ng clinic ng Tito Manuel niya. Kung hindi pa nito sinabi, malamang ay magtatanong pa siya kung bakit sila huminto.

Hindi niya tuloy makuhang magpasalamat kay Blake. Hindi dahil sa pride niya kundi dahil nahihiya siya rito. Ibinaling niya na lang sa harapan ang mga mata. Pero eksaktong nag-landing iyon sa karatula na nagsasabing, *‘The Doctor is IN’*. Nanumbalik tuloy ang kaba niya.

“Don’t worry. ’Andito lang ako para may makagat ka.” Hindi ito ngumingiti, pero kitang-kita niya ang panunukso sa mga mata ng lalaki.

“Sigurado ka ba talagang hindi mo siya papapasukin?” ulit ng Tito Manuel niya nang malamang hindi niya isasama sa loob si Blake.

“Tumango siya. Hindi na po kailangan, Tito.”

Nagdududa ang tinging pinukol ng manggagamot

sa kanya. Pagkatapos ay sa lalaki naman bumaling. “Baka kapag ako ang kinagat mo ay bumaon pa lalo ang injection sa ’yo.”

Isipin pa lang ni Lyc ang sinasabi ng doktor ay gusto niya nang himatayin sa takot. Pero sa unang pagkakataon simula nang una siyang humarap sa Tito Manuel niya, ngayon lang siya nagpakatatag at pilit na tinago ang takot.

“Kaya ko nga po, eh,” pilit niyang kumbinsi. May bahid pa iyong inis.

Napailing ito. “Duda ako sa ’yo, Lyc.” Bumaling ito sa katabi niya. “Blake, sumama ka sa ’min sa loob,” utos nito.

Hindi na siya tumutol dahil sa totoo lang, nagsisimula nang mangatog ang tuhod niya. Malakas ang aircon sa loob ng clinic, pero pinagpapawisan na siya nang todo. Tila sasabog at kakawala ang puso ni Lyc sa sobrang kaba. Nagsisimula na ang takot niya. Kung ang Papang niya lang ang kasama niya, kanina pa siya nangunyapit sa braso nito. Pero wala ang Papang niya, ang tanging naroon ay si Blake. Ngunit hindi siya aaming kailangan niya ang tulong nito. Pumasok ito ng clinic hindi dahil sa utos niya kundi dahil sa utos ng Tito Manuel niya. Magkaiba iyon.

Tuluyang nawala ang kanina ay self-preservation niya nang pumasok sila ng clinic. Pinanlamigan siya at nanayo lahat ng balahibo niya sa katawan. Malapit na ring mag-alboroto ang tiyan niya. Nag-about-face siya. Pero ang balak na paglabas ng kuwarto ay naunsiyami dahil sa nakaharang na katawan ng lalaki. Nabunggo siya sa dibdib nito.

“Where do you think you’re going?” salubong ang mga kilay na anito.

“Ahm... u-uuwi?” nag-aalinlangang sabi niya.

Hinawakan nito ang balikat niya at pinihit pabalik sa naghihintay na hospital bed. “Uuwi tayo pagkatapos dito.”

Wala na siyang nagawa kundi ang sumunod sa lalaki. Kahit ulitin niya pa ang ginawa niyang pagtakas kanina, wala na ring silbi. Hawak ng lalaki ang balikat niya at hindi nito tinanggal iyon hangga’t hindi siya nakakaupo sa higaan.

Nang tuluyan siyang makaupo roon ay nagsimulang manubig ang mga mata ni Lyc. Iniisip niya pa lang na madadaitan ng alien na gunting, bulak na may gamot at kung anu-ano pang gamit ng doktor ay maiiyak na siya. Kapag hindi niya nakayanan ay baka umiyak na lang siya sa harap ng

assistant. Kahit labag sa loob, unti-unting nawawala ang pride at inis sa lalaki.

Hindi niya alam kung saan nagsimula ang takot niya sa pagpunta sa doktor o ospital. Ang alam niya lang, nakamulatan niya nang takot siya sa Tito Manuel niya. Pero kapag naman dumadalaw ito sa farm nila para makipagkuwentuhan sa mga magulang niya ay hindi siya maalís-alís sa tabi nito.

Nag-panic siya nang tanggalin ni Blake ang kamay nito sa balikat niya. “Relax,” masuyong sabi nito, “andito lang ako sa tabi. Hindi kita iiwan.”

Parang batang tumango siya. Tuluyan na ring tumulo ang luha niya nang lumapit ang Tito Manuel niya. Sa likuran nito ay ang assistant nito na may dalang mga kakailanganing gamit para sa paggamot ng kamay niya.

“Nilinis na ba ito nina Rina?” tanong nito habang sinisipat ang nakabenda niyang kamay.

“Yes, Doc. Nalapatan na siya ng first aid.” Si Blake na ang sumagot. Para kasing may namumuo sa lalamunan niya na pumipigil sa kanyang magsalita.

Napapikit si Lyc nang hawakan ng doktor ang sugatan niyang kamay at dahan-dahang inalis ang benda roon. Nang magtagumpay ito ay sinipat-sipat

nito ang sugat. Pumalatak ito.

“Wala ka pa ring pagbabago, hija. Simula noon hanggang ngayon, mahilig ka pa rin sa gulo pero sa akin lang, takot ka na.”

Tumulo muli ang luha niya. *Peksman talaga, hindig-hindi na 'ko babalik pa dito*, pangako niya sa sarili. Isang pangako na hanggang ngayon ay hindi niya pa natutupad. Sana this time ay mapanindigan niya na. Nang lingunin ng doktor ang assistant nito ay napapikit na siya. Mag-uumpisa na ang pagbitay sa kanya.

“T-teka lang, Tito!” Kahit naluluha na ay mabilis pa ring nakapag-react si Lyc nang makita ang injection na hawak ng doktor. “K-kailangan ba talaga 'yan?”

Muli ay nakita ni Amon ang takot sa mga mata ng babae. He wanted to comfort her and at the same time tease her. Sa lahat ng blackbelter na kilala niya, ito lang ang takot sa doktor. Habang nakikita niya ang dalagang umiiyak at mariing nakapikit ay parang gusto niya nang itaboy ang doktor at itakbo ito palabas ng clinic. He knew she could take care of herself because she was one tough and independent woman. But still, something inside him wanted to

protect her. And he could not help it. Kahit alam niyang posibleng tumanggi ang babae.

“You need this, hija. Para hindi mo maramdaman ang pagtahi ko sa sugat mo.”

Nanlaki ang mga mata ni Lyc. “T-tatahiin?” Tumulo na naman ang luha nito. “P-pero, Tito...” parang batang ungot nito.

“Ano ba’ng gusto mo, maramdaman ang ilang beses na pagtusok ko sa sugat mo o ang isang beses lang na tusok?”

Sandali itong nag-atubili. Pagkatapos ay parang batang sunud-sunod na tumulo ang luha. “Yung isang beses lang po.”

He could no longer see the sensei Lyc Morales. Ang nakikita ni Amon ay isang babaeng buong tapang na hinaharap ang greatest fear nito. Kahit pa nagmumukha na itong bata.

“Okay. Close your eyes para matapos na ’to.” Sumunod ang dalaga. Pagkatapos ay mariing kinagat ang pang-ibabang labi. Na sa sobrang diin ay parang dudugo na iyon. Mas lalo ring humigpit ang pagkakahawak nito sa kanang braso niya. Nakakunyapit ito na para bang sinisigurong hindi siya aalis.

Mas lalo siyang dumikit dito. Pagkatapos ay dumukwang para bulungan ang babae sa punong-tainga nito. “You can bite me. Kaysa naman dumugo ’yang labi mo.”

He could not let Lyc ruin her kissable red lips.

Now where did that come from? Kumunot ang noo ni Amon. Did he really mean that? Kailan niya pa napansin na ganoon ang labi ng babae?

Sa sobrang pag-iisip ay bahagya siyang pumitlag nang maramdaman ang ngipin ni Lyc sa braso niya. Tila nanggigigil iyon. Nang tingnan niya ang mukha ng babae ay puno pa rin iyon ng takot habang nakapikit. Naikuyom niya ang mga palad; pinipigilan ang sariling punasan ang basang pisngi nito.

Sa tanang buhay niya bilang corporate spy, ngayon lang siya nakaramdam ng ganito para sa kaaway niya.

Weird.